Tatlong Tula

Allan Popa

PAGTANDA

Tatandaan mo sa lupa
ang pinatandaan sa iyo ng matatanda.

*

May mga panahong hindi ka magtatanda.
May panahon ka na wala ang matatanda.

*

Lilipas ang panahon kasabay ng iyong pagtanda.
Tanda ng iyong mga matatandaan ang lupa.

*

Dito ka sa lupa tatanda.
Paglipas ng panahon,
ikaw na ang matanda.
Ikaw na ang magpapatanda.

*

Nag-iiwan ng tanda sa lupa
ang iyong pagtanda.

*

Ang matatandaan ng lupa
ang iyong ipinatatanda
sa iyong pagtanda.

*

Paglipas ng panahon,
hindi ka matatandaan ng lupa.
Isa ka na lamang tanda sa lupa.

LIHAM KAY ARABELLA

(Alinsunod kay Maria Jalandoni)

Naikulong ng kumbensyon
ang iyong buhay sa hubog
ng isang salaysay ng pag-ibig.
Ngunit hindi ang iyong awit.

Naikulong ng kumbensyon
ang iyong pag-ibig sa hubog
ng isang awit ng buhay.
Ngunit hindi ang iyong salaysay.

Naikulong ng kumbensyon
ang iyong awit sa hubog
ng isang buhay na salaysay.
Ngunit hindi ang iyong pag-ibig.

Ang iyong pag-ibig ay hindi
ang iyong awit ay hindi
ang iyong salaysay ay hindi
ang iyong buhay ay hindi
ang iyong pangalan.

LIHAM KAY AMBURUKAY

(Makaraang basahin ang *Tikum Kadlum*)

May dalang kalungkutan
ang pamanang kayamanan,
may kaakibat na pag-iisa
na nagkakaanyo sa kinang ng ginto.

Hindi ito mga batang maisasakay
sa duyan upang patulugin.
Ilang ulit mo mang ipaghele
hindi ito dadalawin ng antok.

Hindi maikukulong ang ginto.
Ilang ulit mo mang ikandado ang pinto,
ilang ulit mo mang susian,
ilang ulit mang putulin ang tali ng hagdan.

Hindi ka nito iiwanan.
Hindi ka hahayaang makalayo.
Hangga't tumutubo sa iyo
ang balahibong ginto.

Sabi mo wala kang nais kundi makabalik
sa gubat upang mangalap ng suso at pagong.
Wala silang ginto sa pasan-pasang tahanan,
walang dala kundi mahimbing na himlayan.